

BINHI
MGA KUWENTO MULA SA LUPANG TINUBUAN
ISYU 1: HANDA NA BA ANG MGA BATANG MAGSASAKA SA DISTANCE LEARNING NG DEPED?


Alas-tres nang umaga.
Laguna.
Sa panahon ng Corona.
Nakatulog na naman siya nagbabasa...
Nagtanong na naman siya sa akin kagabi kung kailan ba mag-uumpisa ang klase.
Z Z Z Z
'Yang bata na 'yan talaga.
Hindi mo maihiwalay sa libro niyang 'yan!
Kapag ibinalik na natin 'yan sa maestra niya, baka sira-sira na!
Hahaha!
Z Z Z Z
Baka pagbayarin pa tayo!
Kapag puwede na, dadaan ako sa SM para bilhan siya ng libro.
Magkano lang naman siguro 'yan.


Walang mura para sa taong walang pera.
Baka magawan ko naman ng paraan.
Binawasan na nila ang mga checkpoint dito sa'tin.
Mas madali na lumuwas ngayon.
NNN
Pero kailangan natin ang pera para sa ibang bagay, at hindi natin alam kung kailan mawawala itong corona. Nawala pa natin ang tindahan natin sa palengke. May utang pa nga tayo du'n.
Tumigil ka rin sa pamamasada, hindi pa natin alam kung—
Nag-aalala rin ako para sa mga bagay na 'yan, pero puhunan rin natin ang pag-aaralin ang anak natin.
... alam ko.
Babiyahe na ako.
Subukan kong bumawi kay Lorna sa palengke mamaya.
Baka maunahan pa ako, kaunti na lang nga ang napitas natin.
Makikitext ako kapag nasa Maynila na.


Kahit pala pag-ani, hindi biro!
Ikaw talaga, hahaha!
Andami mo masyadong alam, Alona!
Gradweyt ako sa UPLB, e!
This is my diploma, char!
HAHAHA!
Ay, nakausap ko pala si maestra kahapon!
Ay, ano?
-pero sa bahay lang, hindi sa sentro!
Paano?
Paano 'yun? Dadalaw sila sa bahay?
Hindi, ano ba!
May iba-ibang paraan raw, puwede raw tayo pumili, hindi ko maalala nang maayos, alam mo naman si maestra magsalita!
Parang may isa na magbibigay raw sila ng xerox ng babasahin at sasagutan.
May isa na magbibigay raw sila ng USB na may mga papanoorin!
Tapos may isa na manonood ng bidyo ni maestra sa internet tapos may mga sasagutan!


USB saka internet? E di kailangan mo ng kompyuter du'n?
Saang puwet ko huhugutin 'yan?
Puwede raw sa telepono.
Sa puwet ko pa rin mang-gagaling 'yan!
...libre ba 'yung mga xerox?
Kailangan raw bayaran.
Ay, ano ba 'yan!
Tapos kung marami kang anak sa iba't ibang grade, iba-iba rin ang kukunin mo para sa kanila. Tig-iisa sila!
Kaya ikaw, Alona, lagot kayo ng mister mo!
Bakeeeeeht?!?
Kasi iba-iba silang grade, iba-iba ang pag-aaralan!
Hindi naman pare-pareho edad ng anim niyong anak, e, di ba, ano ka, aso?
HAHAHA!!!
Anooo?!?
Hindi puwedeng pumunta si maestra sa bahay nating lahat, kaya tayo ang magtuturo: pagbibilang, pagsusulat, pagbabasa. Lahat 'yan, araw-araw!
Kaya buti kayo, Karina, isa lang ang tuturuan!
E wala na akong alam sa mga 'yan!
Akala ko ba gradweyt ka ng UPLB?
Oo nga! Ano ba 'yan, Alona!
HA HA HA HA HA HA HA HA


Kaya ba anim na kilo?
LORNA STALL 32
RONIE
Beinte-singko?
JENNY
LOREN
BUBOY
Five per kilo?
... sige.
Kumusta na pala dito?
Ay, sobrang matumal.
Alam mo naman, kahit wala nang mga checkpoint, nahihirapan pa rin kami.
Oo nga, e. Akala ko baka mas maayos dito. Baka kailangan ko kasing bumale para sa selfon.
Naku, para saang luho 'yan?
Upgrade ka?
Hindi, para sa anak ko.
Ay, para sa online-online?
Kailangan ng *data* diyan!
Sa selfon, tatlong libo siguro, tapos 'yung data mo, mga limandaan buwanan?
Kailangan raw para sa school.
Hindi ko nga alam kung bakit ba 'yan ang planong gawin. Kung anak ko 'yan, panay YooChoob-YooChoob lang gagawin...
—teka, ayan si suki, tanungin nga natin!


Hi, suki!
Hello, suki!
Good morning po, maestra.
Good morning to you, too, Nanay Karina!
I have a question po, maestra—
Mm?
—wwwwhy are you doing the online-online ... ?
... ah!
Because it is the mandate of the Department of Education to prevent the spread of the Coronavirus Pandemic in our school system!
And as an official of our public school system here in Laguna, I have have no choice but to follow.
In fact, we have no choice but to follow even when the Department of Education is reluctant to supply public school teachers with teaching devices or internet access. They will not even reimburse us the fees.
In fact, we have no choice but to follow even when the Department of Education is insistent that we use the classroom if we have to use office supplies but is reluctant to supply public school teachers with face masks and alcohol.
... I see.
Baka hindi naman 'yan ginusto ni Presidente ... ?
Ang Presidente ang presidente.
Walang nangyayari sa bayan natin na hindi niya ginusto.


Kumusta sa labas?
Hirap pa rin magbenta. Si Anna?
Hindi pa lumalabas!
Anna?
Andito ako, nanay.
Bakit hindi ka nasa labas? Andu'n lahat ng kalaro mo!
E nanay, may virus sa labas!
Puwede pa rin naman lumabas, basta hindi kayo maghawakan o magkalapit.
Saka wala namang may sakit sa atin dito.
Saka basta mag-alcohol ng kamay?
'Yun nga!
Kaya puwede ka naman lumabas kung gusto mo.
E nanay, ayaw kong lumabas, tinatapos ko pa ang libro ko.


E ilang beses mo nang nabasa 'yan!
Hindi mo pa ba saulado?
E nanay, gusto ko talaga itong libro.
Alam mo ba kung nasaan na ako?
May isang diyos na iniwan ng asawa niya kasi lagi siyang umaalis ng bahay nila.
Akala nu'ng diyos babalik kaagad ang asawa niya, pero hindi na siya bumalik.
Akala nu'ng diyos babalik ang asawa niya kung gumawa siya ng mga lupa at gubat at mga bulaklak.
Nilagay niya sa langit ang mga alahas ng asawa niya saka suklay saka korona.
Kaya tayo nagkaroon ng mga bituin at buwan at araw!
Ang ganda namang kuwento na 'yan!
Kaya ko gustong-gusto ang libro na ito!
Pero anak, kailangan mo munang itabi 'yang libro kasi kailangan na muna natin kumain. Okey lang ba?
Okey lang, nanay!

# ITANONG KAY NANAY

Noong buwan ng Hunyo, dumalaw ang Amihan at RUWA sa mga komunidad sa Bacoor, Cavite at Rodriguez, Rizal upang kumustahin ang mga nanay tungkol sa Distance Learning na ipapatupad ng DepEd sa paparating na pasukan. Ibinahagi ng mga nanay ang mga pangambang dulot ng paghahanda para makabalik sa eskuwela ang kanilang mga anak sa kasagsagan ng pandemya. Kahit malapit nang magbukas ang school year, kulang na kulang pa ang impormasyong naiparating sa kanila tungkol sa mga learning delivery modalities ng Distance Learning, tulad ng online, modular, at TV/radio-based instruction. Hindi rin malinaw kung paano nila pupunan ang mga bagong pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral, mula sa mga gadget na gagamitin para ma-access ang learning materials hanggang sa oras na kailangang ilaan ng magulang bilang tumatayong guro sa tahanan.

Tumindi ang hirap ng mga namumuhay sa pagsasaka, pangingisda, at paninindа nang sumapit ang pandemya at ang mahabang lockdown. Gusto man nilang ipagpatuloy ang edukasyon ng kanilang mga anak ngayong pasukan, malinaw sa kanilang mga pananaw at panawagan tungkol sa Distance Learning na hindi angkop ang programang ito sa kanilang sitwasyon. Patunay lang muli ito na kontra-mahirap ang gobyerno.

**Nanay Shayne, 32 taong gulang, mangingisda sa Bacoor, Cavite.**



**Nanay Baby, 27 taong gulang, mangingisda sa Bacoor, Cavite.**



**Nanay Lita, 61 taong gulang, mangingisda sa Bacoor, Cavite.**



**Nanay Noelyn, 46 taong gulang, mangingisda at may-ari ng sari-sari store sa Bacoor, Cavite.**



**Nanay Nila, 58 taong gulang, manininda bago ang lockdown, ngayon ay tumutulong magkaliskis ng isda at umaasa sa ayuda mula sa gobyerno at sa tulong ng mga kapitbahay, sa Bacoor, Cavite.**



**Nanay Erica, street sweeper sa San Rafael, Rodriguez.**



**Nanay Cristina, 47 taong gulang, mananahi pero nawalan ng trabaho dahil sa lockdown.**



**Nanay Maribel, tricycle driver sa San Rafael, Rodriguez.**




**Nanay Liezel, 37 taong gulang,**
**tricycle driver sa San Rafael, Rondriguez.**



**Nanay Marlyn, 55 taong gulang,**
**nagtatrabaho sa tibagan sa San Rafael, Rodriguez.**





# MGA PANAWAGAN PARA SA MAKATAONG PAGBABALIK-ESKUWELA SA PANAHON NG PANDEMYA




## KOMPREHENSIBONG AKSIYONG MEDIKAL AT SOSYO-EKONOMIKO

Tiyaking nasusunod ang protocol ng World Health Organization para sa COVID-19 na *test*, *trace*, *isolate*, *retreat*; magkondukta ng mass testing; pabilisin ang pagpapatibay ng mga laboratoryo at testing center para bumilis at lumawak din ang testing; palakasin ang pampublikong sistemang pangkalusugan; magbigay ng sapat na ayuda at subsidyo sa mga nawalan ng trabaho o mahihirap na pamilya, kabilang na ang mga magsasaka at mangingisda.


LIGTAS NA PAARALAN
Magkondukta ng mass testing sa mga paaralan; magbukas ng mga klinika at mag-empleyo ng mga nars; tiyaking nagagawa ang 4-metrong social distancing sa loob ng paaralan; tiyakin ang malinis at tuloy-tuloy na suplay ng tubig; mamigay ng hygiene kits sa mga estudyante, guro, at kawani; mag-empleyo ng mga tagalinis at manggagawang pangkalinisan; magbigay ng sapat na tulong medikal sa mga pasyenteng maaapektuhan ng COVID-19.


AKSES SA DE-KALIDAD NA EDUKASYON
Tiyaking maaabot o makakamit ng lahat ng estudyante, kabilang na ang mga anak ng mahihirap, mga magsasaka, at mga mangingisda, at ng lahat ng guro ang mga rekisitos o pangangailangan para sa pagkatuto katulad ng kagamitan (TV, radyo, battery, cellphone at load, laptop); internet; kuryente at signal; textbooks; modules; atbp. Hindi dapat iasa sa local government unit ang pagpapaimprenta at maging ang pamamahagi ng mga module, lalo pa at kailangang unahin ng mga LGU ang ekonomiko at pangkalusugang mga programa sa panahon ng pandemya. Bigyan ng karampatang pagsasanay ang mga guro at kawani lalo na sa binagong curriculum ng K-12. Solusyonan ang kawalang-kakayahan ng maraming magulang at nakatatandang kapatid na gabayan ang pag-aaral ng mga anak at kapatid sa loob ng bahay.



## PROTEKSIYON SA KARAPATAN SA PAGGAWA

Tiyakin ang dagdag na bayad para sa dagdag na trabaho at oras ng paggawa ng mga guro at kawani; bayaran ng hazard pay ang mga gurong magdadala ng mga module sa bara-barangay; tiyakin ang seguridad sa trabaho, karapatan sa pagbuo ng unyon, at ayuda o tulong pinansiyal para sa mga manggagawa sa edukasyon; bigyan ng trabaho sa mga pampublikong paaralan ang mga guro at kawaning nawalan ng trabaho sa mga pribadong paaralan. Gayundin, tulungan ang mga magsasaka at mangingisda na makarekober sa lockdown at makapagpatuloy sa kanilang paghahanap-buhay. Itigil ang militarisasyon sa kanayunan!

## DEMOKRATIKONG KONSULTASYON

Ang Distance Learning Program ng DepEd ay binuo nang walang malawakang konsultasyon sa mga guro, magulang, at mag-aaral. Ganito rin ang nangyari nang baguhin ang curriculum ng K-12. Lahat ng magsasakang magulang na ininterbyu ng Amihan sa Rizal ay nagsabing hindi nila nauunawaan ang Distance Learning Program ng DepEd at hindi nila alam kung ano ang dapat gawin tungkol dito.

Mula sa *Back 2 Skul(elat): Balik-Eskwela, Handa na ba ang mga anak ng magsasaka?*, webinar tampok ang Alliance of Concerned Teachers at Amihan National Federation of Peasant Women, Hulyo 1, 2020